Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

# Kuwentong Santero: Pagsipat sa Kultura ng Pag-aalaga ng Santo ng mga Pilipino

Jeodhel Sestoso[1], Rowell D. Madula[2]
[1]*Tanza Elementary School*
[2]*De La Salle University-Manila*
*rowell.madula@dlsu.edu.ph*

**Abstrak:** Malaki ang impluwensiya ng relihiyon sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino. Ang pag-aaral na ito'y isang deskriptibong paglalarawan sa karanasan ng mga Pilipino, partikular ng mga piling baklang Pilipino sa pagiging santero. Isang msalimuot na usapin ang pagtlakay sa kabaklaan at pananampalataya, lalo na sa relihiyong Katolisismo. Sinubukang tingnan ng pag-aaral na ito ang penomen ng pag-aalaga ng mga baklang Pilipino ng mga santo. Natuklasan na may malaking ambag sa pagsasabuhay ng kanilang pananampalataya bilang mga Katoliko at bilang bakla ang mga santero. Binigyan din ng pangkalahatang tanaw ang kasaysayan at kalagayan ng pagsasanto sa papel na ito.

**Keywords:** Bakla; Katoliko; Pananampalataya; Santero; Santo

Religion has a big influence on the Filipinos' everyday living. This is a descriptive study of the experiences of Filipinos, particularly gay Filipinos, in being a santero. Being gay and being Catholic is a complicated discourse. The researchers attempted to look into the phenomenon of Filipino gays taking care of religious icons. The study has found out that the Filipino gays actually negotiate their sexuality and their religious faith in being a santero. There is also a comprehensive discussion of the history and background of this santreo phenomenon in this country.

**Keywords:** Gay; Cahtolic; Faith; Santero; Religious Icon

## 1. PANIMULA

Likas sa mga Pilipino ang pagiging relihiyoso. Nakikita ito sa dami ng mga relihiyong malayang kinaaaniban ng bawat mamamayan. Sa kasalukuyang populasyon ng bansa, sinasabing 80% dito ang manananampalatayang Romano Katoliko. Ito ang relihiyong namamayani humigit kumulang 300 taon na ang nakalipas, simula pa nang dumating ang mga Espanyol sa ating bansa sa pangunguna ni Ferdinand Magellan noong 1521. Ang pananakop ng dayuhang Espanyol ang nagdala ng pinakasinasalihang relihiyon sa bansa, na naging dahilan marahil upang tawagin ang

Pilipinas bilang ang natatanging katolikong bansa sa Asya. Namamalas ang pagiging relihiyoso ng mga Pilipino partikular ang mga katolikong Pilipino sa regular na pagsisimba tuwing araw ng linggo, pagdiriwang ng iba't ibang kapistahang alay sa mga patron, pagprupurusiyon, pamamanata tuwing araw ng Miyerkules sa Baclaran at Biyernes naman sa Quiapo. Sa mga panrelihiyosong gawaing ito naikabit ang pagiging relihiyoso ng bawat isang katolikong Pilipino.

Ngunit may isang aspeto ng pagiging katoliko ang hindi masyadong lantad sa karamihan. Ito ay ang pangangalaga o pagmamay-ari sa ibat ibang inukit na larawan o imahen na ginagamit sa maraming pagkakataon sa mga loob at labas ng Simbahan. Ang praktis na ito ng iilang katolikong Pilipino ay maaaring nag-ugat noon pa mang dumaong na ang dayuhang pananampalataya sa mga dalampasigan ng Pilipinas. Matatandaan dala ng mga kastilang prayle ang imahen ng Krus ni Kristo na naging simbolo ng kanilang pagbabautismo sa karamihan ng mga sinaunang Pilipino. Gayundin ang regalong imahen ng batang kristo kay sa asawa ni Haring Humabon na si Reyna Humamay bilang simbolo ng pagpapasalamat at pagtanggap na sinasabing hanggang sa ngayon. Ang nasabing imahen ng batang kristo ay nakadambana sa lalawigan ng Cebu na kinikilala bilang pinakaunang inukit na imahen sa Pilipinas. Ngunit lingid sa kaalaman ng marami si Reyna Humamay ay pinagkalooban din ng mga imahen ng Mahal na Birheng Maria at kalatahing katawan ng pinarurusahang Kristo o "Ecce Homo".

Ang kahiligang ito sa pagmamay-ari at pangangalaga sa mga inukit na larawan ng mga banal ay patuloy pa rin magpasahanggang ngayon. Kasabay sa pagbabago ng panahon mula sa mga unang tawag na camarero, rekamadero at iba pa, ay mas kilala na sa mundo ng mga nagsasanto na tawagin sila bilang "Santero".

Ang salitang "santero" ay isang salitang espanyol na nangangahulugang tagapag-ukit ng imahen. Sa impluwensiya ng bansang Espanya, ang katawagang ito ay nagamit na rin sa mundo ng pagsasanto sa Pilipinas. Unang nagamit ang salita nang ito ay banggitin sa artikulong isinulat ni Ezperanza Bunag Gatbonton noong 1970 na may pamagat na "The Exuberant Art of Saintmaker" na nailathala sa magasin na "Archipelago" at sa kanyang aklat na "A Heritage of Saints". Kanyang binanggit ang salito ito na tumutukoy sa mga taong may kasanayan sa paglilok ngunit hindi nagkaroon ng propesyonal na pag-aaral para dito. Kanya ring binanggit ang mga popular na manlililok sa kamaynilaan noong mga panahong iyon gaya nila Angel Tampingco ng Calle Hidalgo, Ireneo M. Cristobal ng Sta.Cruz at Isabel Santos de Ingal ng Quiapo . Sa pag-inog ng panahon ay nagkaron ng pagbabago ang pagbibigay pakahulugan sa salitang "Santero" lalo noong umusbong ang internet. Ginamit na ang salita hindi lamang bilang tagapag-ukit ng imahe, bagkus bilang tagapangalaga at tagapang-ingat na ng mga banal na imahen. Ang katawagang "Santero" ay nagsimula lamang noong taong 2005 ng magkaroon ng isang online group sa Flickr na Semana Santa Filipinas na binubuo ng mga tagapag-alaga ng mga imahen mula sa iba't ibang lugar. Kanila nang ginamit ang salita na tumutukoy na rin sa lahat ng mga katolikong Pilipino na nagmamay-ari at nangangalaga sa iba't ibang inukit na imahen ng mga banal.

Ang mababang pagtingin ng lipunan at ng mga bakla sa kabaklaan ay sinasabing mula sa kawalan ng pag-unawa sa ganitong kasarian. Mula rito, susubukan ng pag-aaral na ito ang mag-ambag sa diskurso ng mga bakla para sa patuloy na pagbibigay ng linaw at kaalaman na inaasahang hahantong sa pagtanggap, pagpapahalaga, at pagkilala sa/ng mga bakla sa pagiging bakla.

Sa mahabang panahon ng kasaysayan, nananatiling marhinalisado ang mga bakla. Ang diskurso ng kabaklaan ay nananatiling nasa antas lamang ng kasarian at sekswalidad. Bagamat sa mga nakalipas na taon, mayroong pag-usbong ng mga pag-aaral ukol sa mga bakla, maituturing pa rin itong nasa laylayan.

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

Mahalaga ang pag-aaral na ito sa patuloy na pagbubuo ng konsepto ng mga bakla. Ang mga istruktura sa pagtatatag ng mga pamantayan, klasifikasyon, at uri ng mga kasarian ay hindi maikakailang may pagkiling sa patriyarka. Mula rito, inaasahan na makatutulong ito sa iskolarling pag-unawa ng kabaklaan. Magagamit ito ng mga bakla sa pagkilala ng kanilang sarili at pagtanggap sa mismong sariling kabaklaan. Sa ganitong pamamaraan, ang pagwaksi ng mga bakla sa kanilang pagmamaliit o pagkakaroon ng mababang pagtingin sa sarili, ay tutungo sa kanilang pagsusulong ng sariling politikal na kapangyarihan.

Ang pagtanggap ng mga bakla sa kanilang sarili ay makatutulong sa kanilang pagbalikwas mula sa laylayan at pagbaka ng marhinalisasyon at diskriminasyong kanilang nararanasan mula sa lipunang ito. Inaasahan na hindi lamang ito makapagbibigay ng lakas ng loob sa mga bakla na isulong ang kanilang karapatang pangkasarian, kundi ang pagiging mulat na maraming sektor sa ating lipunan ang kinakailangang kolektibong gumawa ng aksyon upang makamit ang tunay na kalayaan.

Inaasahang sa pag-aaral na ito ay magkakaroon ng mas malawak na pag-unawa, pagpapahalaga, pagkilala, at paggalang sa mga bakla at sa iba pang may piniling kasarian. Ang diskriminasyon, kawalang katarungan at pagsasamantalang nararanasan ng mga bakla at lesbiyana ay kundi man maiwaksi ay mabawasan.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay isang malaking ambag sa Araling Filipino. Ang patuloy na pagbuo ng mga Pilipino ng kanilang identidad ay isang prosesong nararapat lamang langkapan ng pag-aaral sa kasarian at sekswalidad. Ang pag-unawa sa pagkakaroon natin ng sariling konsepto at dinamismo ng iba't ibang kasarian ay magbubukas ng iba pang pag-aaral kung saan maiuugat ang pambansang kaakuhan. Kung magiging malinaw ang kontribusyon ng mga sektor sa ating lipunan, magiging madali ang pagsasatitik ng ating kasaysayan.

Ang Araling Filipino ay isang disiplinang patuloy na umuunlad at pinauunlad. Sa pagkakataong ito, ang multi-iskolarling pag-unawa sa mga salik ng pagkilala sa pagka-Pilipino ng mga Pilipino ay isang hakbang patungo sa minimithing pag-unawa sa ating kasaysayan at lipunan, na naglalayong mahanap ang sagot sa problema ng kawalan ng katarungan at kawalan ng tunay na kalayaan ng mga mamamayang Pilipino sa kanilang sariling bayan.

## 2. ANG KALAGAYAN NG MGA INUKIT NA IMAHEN SA SIMBAHAN

Sa daigdig ng Simbahan, ang mga imahen ay nasa lahat ng dako. Sa mga gusali ng simbahan, ang mga imahen nina Jesus, Maria, at ng maraming "santo" ay nasa prominenteng mga lugar. Madalas na pinararangalan ng mga mananampalataya ang mga imahen na ito sa pamamagitan ng mga halik, insenso, at pagtitirik ng mga kandila. Karagdagan pa, halos lahat ng tahanan ng mga pilipinong Katoliko ay may sariling sulok na pinaglalagyan ng imahen, kung saan sinasambit ang mga panalangin. Karaniwang sinasabi ng mga Kristiyanong Katoliko na ang isang imahen ang konkretong nagpapadama sa Diyos. Marami ang naniniwala na ang mga imahen ay pinagkalooban ng biyaya ng Diyos at makahimalang mga kapangyarihan.

Malamang na magugulat ang mga mananampalatayang iyon na malaman na hindi sinasang-ayunan ng unang-siglong mga Kristiyano ang paggamit ng mga imahen sa pagsamba. Sinasabi ng aklat na *Byzantium:* "Ang mga sinaunang Kristiyano, yamang namana sa Judaismo ang pagkamuhi sa idolatriya, ay hindi sumasang-ayon sa anumang pagpapakundangan sa mga larawan ng mga banal na persona." Sinabi ng aklat ding iyon: "Mula noong Ikalimang Siglo patuloy, ang mga imahen o mga larawan ay naging laganap sa pangmadla at pribadong pagsamba."

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

Sumulat ang mananaliksik na si Vitalij Ivanovich Petrenko: "Ang paggamit ng mga imahen at ang tradisyon nito ay nagmula pa noong bago ang panahon ng Kristiyano at ito ay may 'paganong pinagmulan.'" Maraming istoryador ang sumasang-ayon, na sinasabi na ang pinagmulan ng pagsamba sa mga imahen ay masusumpungan sa mga relihiyon ng sinaunang Babilonya, Ehipto, at Gresya. Halimbawa, sa sinaunang Gresya, ang mga relihiyosong imahen ay nasa anyong mga estatuwa. Pinaniniwalaan na ang mga ito ay pinagkalooban ng tulad-diyos na mga kapangyarihan. Inaakala ng mga tao na ang ilan sa mga imaheng ito ay hindi gawa ng mga kamay kundi mga hulog ng langit. Sa mga pantanging kapistahan, ang gayong mga imahen ng kulto ay inililibot sa lunsod sa pamamagitan ng isang prusisyon, at sa mga ito inihahandog ang mga hain. "Ang imahen ng kulto ay itinuturing ng mga deboto bilang isang diyos mismo, bagaman may mga pagtatangka . . . na ipakita ang pagkakaiba ng diyos at ng imahen nito," ang sabi ni Petrenko.

Paano unti-unting nakapasok ang gayong mga ideya at kaugalian sa Kristiyanismo? Sinabi ng mananaliksik ding iyon na, sa loob ng maraming siglo pagkamatay ng mga apostol ni Kristo, lalo na sa Ehipto, "ang mga ideyang Kristiyano ay napaharap sa 'paganong kombinasyon'—na nanggaling sa mga kaugalian at paniniwalang Ehipsiyo, Griego, Judio, Silangan at Romano na isinagawa kasama ng mga paniniwala at kaugaliang Kristiyano." Bilang resulta, "ipinatupad ng mga artisanong Kristiyano ang paraan [na pinagsanib ang iba't ibang pananampalataya] at gumamit ng paganong mga sagisag, anupat iniugnay ang mga ito sa Kristiyanismo at binigyan ng bagong kahulugan, bagaman ang mga ito ay hindi lubusang inalisan ng paganong impluwensiya."

Di-nagtagal, ang mga imahen ay naging sentro ng relihiyosong buhay sa pribado at sa madla. Sa aklat na *The Age of Faith,* inilarawan ng istoryador na si Will Durant kung paano ito nangyari, sa pagsasabing: "Habang dumarami ang mga santong sinasamba, bumangon ang pangangailangan na makilala at maalaala ang mga ito; maraming larawan ng mga ito at ni Maria ang ginawa; at sa kaso ni Kristo ay hindi lamang ang kaniyang guniguning larawan, kundi pati ang Kaniyang krus ay naging mga bagay na pinagpipitaganan—kahit na para sa mga simpleng tao, ang mga ito'y mga anting-anting. Dahil likas sa tao ang gumawa ng mga guniguni, ang mga banal na relikya, larawan, at estatuwa ay naging mga bagay na pinagpipitaganan; nagpapatirapa ang mga tao sa harapan ng mga ito, humahalik sa mga ito, nagtitirik ng mga kandila at insenso sa harapan ng mga ito, pinuputungan ang mga ito ng mga bulaklak, at naghahanap ng mga himala mula sa okultong impluwensiya ng mga ito. . . . Paulit-ulit na ipinaliwanag ng mga Ama at konseho ng Simbahan na ang mga imahen ay hindi mga diyos, kundi mga paalaala lamang sa mga diyos; bale-wala para sa mga tao ang gayong pagkakaiba."

Sa ngayon, sa katulad na paraan, nangangatuwiran ang maraming gumagamit ng mga relihiyosong imahen na ang mga larawan ay mga bagay na iginagalang lamang hindi sinasamba. Maaaring angkinin nila na ang mga relihiyosong ipininta o inukit na larawan ay lehitimo napakahalaga pa nga na mga pantulong sa pagsamba sa Diyos.

## 3. SINO ANG MAAARING MAGING SANTERO?

Masasabingang lahat ng mga katoliko ay isang santero sa kanilang simpleng pamamaraan. Sa simpleng pag-aalaga ng imahen ng Sto.Nino Palaboy sa altar ng bahay, sa Birhen ng Lourdes na nasa Grotto ng mga hardin o ang imahen ng Last Supper na nakalagay sa kusina, angisang paraan na upang tawaging isang santero. Sa simpleng pangangalaga ng mga imaheng ito, gaya ng pagbibihis, paglalagay ng bulaklak, at paglilinis ay isang katangian na ng pagiging santero. Ngunit ang pagiging isang tunay na santero ay nasa mas mataas na lebel ng pag-aalaga ng mga inukit na imahen. Upang maituring na isang santero ang

isang tao; siya dapat ay isang binyagan at aktibong katoliko. Ang pagiging kasapi ng Simbahang Katoliko ang pangunahing pamatayan upang maging ganap ang pagiging santero dahil sa sektang ito ay mataas ang paggalang sa mga inukit na larawan. Bilang isang simbahang nananalig sa mga simbolo, ginagamit ang mga inukit na larawan bilang pantulong sa pagpapapalalim ng pananampalataya ng isang kaanib. Taliwas sa paratang ng ibang mga sekta , hindi sinasamba sa simbahang katolika ang mga inukit na larawang ito. Hindi ito diyos-diyosan para sa simbahan. Ang mga imahen ng Santo at Santa para sa mga Katoliko ay isang larawan lamang na kumakatawan sa anyo ng Diyos, partikular na ng Panginoong Hesus, nung ito'y nagkatawang tao. Ito ay isa lamang tagapagpa-alala na ang ating Panginoong Hesus ay nagkatawang tao upang bigyang katuparan ang dakilang istorya ng kaligtasan. Tulad ng isang simpleng larawan ng isang mahal sa buhay, normal na nakikita sa mga katoliko na nangungusap sa harapan ng mga imaheng ito pero hindi ibig sabihin nito ay ang imahen mismo ang pinatutungkulan ng kanyang mga pangungusap. Ang bawat salitang namumutawi sa kanyang labi at ang bawat laman ng puso ng isang nananalangin ay para sa Diyos na nasa langit at di para sa imaheng nasa kanyang harapan. Tulad ng pakikipag-usap sa mga larawan ng mga mahal sa buhay na nasa malayong lugar kapag tayoý nangungulila sa kanila. Ayon sa turo ng simbahan, inahintulad nito ang pagkalikha ng mga inukit na larawan, ng utusan ng Diyos si Moises na lumikha ng isang larawan na iwawangis sa porma ng isang ahas na mababasa sa Bibliya, akalt ng mga Bilang kabanata 21 talata 8 hanggang 9. Sinabi rito:

> *"At sinabi ng Panginoon kay Moises, gumawa ka ng isang mabagsik na ahas at ipatong mo sa isang tikin, at mangyayari na bawat taong makagat ay mabubuhay pag tumingin doon. At si Moises ay gumawa ng isang ahas na tanso at ipinatong sa isang tikin; at nangyari, na pag may nakagat ng ahas ay nabubuhay pagtingin sa ahas natanso."*

Ang talatang ito mula sa banal na aklat ng mga katoliko ang kanilang ginagamit upang pagtibayin ang kanilang paniniwala na hindi ipinagbabawal ng Diyos ang paglikha ng mga inukit na larawan. Gaya ng ginawa ni Moises sa inukit niyang larawan ng isang mabagsik na ahas mula sa tanso, na nakapagpagaling din ng karamdaman, ay inahalintulad ng simbahan ang pagpaptuloy ng habilin ng Diyos.

Isa pa sa ginagamit na basehan ng mga Katoliko mula pa rin sa kanilang bibliya ay ng minsang utusan pa rin si Moises ng Diyoss na gumawa ng isang tabernakulo o tinawag ding kaban ng tipanan na kanilang pagpupugayan at ililibot sa ibat-ibang lugar. Ito ay mababasa sa aklat ng Exodo Kabanata 25 talata 10 hanggang 22. Sinasabi ditto ang detalyadong utos ng panginoon sa pagkalikha sa inukit na imahen:

> *"Gumawa kayo ng isang kaban na yari sa akasya: 1.1 metro ang haba, 0.7 metro ang luwang, at 0.7 metro ang taas. Balutin ninyo ito ng lantay nag into sa loob at labas, ang mga labi naman ay lagyan ninyo ng muldurang ginto. Gagawa rin kayo ng apat na argolyang ginto na ikakabit sa apat na paa ng kaban, tigalawa sa magkabila. Gumawa rin kayo ng kahoy na pampas an na yari sa akasya, babalutin din ito ng ginto at isuot ninyo ang mga ito sa mga argolya sa magkanilang gilid ng kaban upang maging pasanan nito. Huwag ninyong aalisin sa argolya ang mga pasanan ang dalawang tapyas na baton g kasunduang ibibigay ko sa iyo ay ilalagay mo sa kaban.*
>
> *Gumawa ka ng luklukan ng awa na yari sa purong ginto. Ang haba nito'y 1.1 metro at 0.7 metro naman ang luwang. Lalagyan mo ito ng dalwang kerubing ginto sa magkabilang dulo nito. Ihihinang ang kerubin upang ito at ang luklukan ng awa ay maging iisang piraso. Gawin mong magkaharap ang dalawang kerubin na*

*parehong nakatungo ang ulo at nakabuka ang mga papakpak nito."*

Malinaw sa saligang ito na ang Diyos mismo ang nagsabi kay Moises na lumikha ng isang inukit na larawan sa pangalawang pagkakataon. Ito ang ginagamit ng mga katoliko upang panindigan ang katuruan sa pagkakaroon ng mga inukit na larawan. Gaya ng kaban ng awa na ipinagawa kay moises na binihisan ng mga ginto, at inililibot sa kanyang nasaskupan noon, ay masasbing ditto nagsimula ang pagsasabuhay muli sa pangangalaga sa mga inukit na imahen na at pagprupurisisyon dito. Ito ang unang dapat panaligan ng bawat miyembro na nagnanais na mangalaga ng imahen. Ito rin ang kanilang gagamitin na pagpapliwanag sa sinumang nagtatanong at naglilinaw sa katuruan ng simbahan hinggil sa mga rebulto ng mga banal.

Bukod dito ang isang santero ay dapat ding isang deboto ng kanyang mga inaalagan. Hindi pagiging panatiko ang pagsasanto kundi pagiging isang deboto. Malaki ang pagkakaiba ng panatiko sa isang deboto. Ang isang panatiko ay isang pasibong tagsunod sa kanyang idolo samantalang ang isang deboto ay pinaparis ang kanyang buhay sa buhay at mabubuting halimbawa ng mga banal. Ayon sa Artikulong ***"Ang Pagiging Deboto Bilang Pakikipagkapwa: Isang Panimulang Pagsusuri sa mga Liham Pasasalamat ng mga Deboto ng Ina ng Laging Saklolo sa Baclaran"*** na sinulat ni Manuel Victor Sapitula, ang pagtatalaban ng loób at kapwa, sa isang banda, at pagiging deboto, sa kabilang banda, ay makapagbibigay-linaw sa patuloy na impluwensya ng paniniwala samalaking bahagi ng lipunang Pilipino. Sa pamamagitan ng debosyon ay naihahabi ng deboto ang kanyang pang-araw-araw na karanasan sa saklaw ng pananampalataya at sa pamamatnubay ng isang banal na nilalang. May puwang ang mga institusyonal na dimensyon sa pagpapanatili ng debosyon, ngunit may sapat na batis din mula sa kaloóban at pakikipagkapwa upang mapanatili ang kahalagahan ng paniniwala sa indibidwal at panlipunang aspekto ng buhay. Ito ay nagpapakita rin na ang "sagradong" dimensyon ng buhay ay, taliwas sa inaasahan, kaagapay sa daloy ng mga ordinaryo pangyayari (Mulder, "Inside Southeast Asia" 210). Ito marahil ang dahilan kung bakit ang mga ideya ng kasalanan bilang isang abstract moral failing ay hindi matingkad sa katutubong paniniwala. Matatanaw ito sa maigting na paghingi ng biyaya para sa hinaharap sa mga gawaing pangdebosyon kaysa humingi ng tawad para sa mga kasalanan sa nakaraan. Mas binibigyang-diin sa gawaing pandebosyon ang pagkakabit ng realidad ng pang-araw-araw na buhay at ang pangangalaga ng isang patron. Naibahagi ng malapitang pagbabasa ng mga liham ang kahalagahan ng loób sa pagsasagawa ng debosyon. Ang materyal na pangangailangan ay matibay na motibasyon, na bunga ng ugnayan ng debosyon sa pang-araw-araw na mga isipin. Ngunit mahalaga rin ang relasyonal na aspekto ng debosyon. Batay sa patotoo ng mga deboto, hindi sapat ang panlabas na pagsunod (conformity) sa ritwal, bagkus ay kinakailangan ang pagtatalaban ng panlabas na pagkilos sa panloób na disposisyon ng deboto. Ito ay bunsod din ng karakter ng patron bilang "hindi ibang tao", na nagiging saligan ng isang sistema ng pagpapalitan na ginagabayan ng magkakabit na pangangailangan para sa isa't isa (mutual need). Naipakita sa pagtatalakay na ang debosyon na dapat taglay ng santero ay may maigting na lapit sa loób at pansariling buhay ng deboto ng mga banal na kanilang inaalagaan; ngunit matatanto ring ito ay naiimpluwensyahan ng kasaysayan at kalinangan bayan na binuo ng mahabang pakikipagtalastasan sa mga panlabas na puwersa, maliban sa pagkakakabit nito sa buhay ng mga "hindi ibang tao". Tunay ngang sa ugnayan ng debosyon at pakikipagkapwa ay masasalamin ang kolektibong oryentasyon ng kalinangang Pilipino. Ang kolektibong oryentasyon na ito ay mababatid sa pagpapahalaga ng mga deboto sa pamilya at sa mga hindi ibang tao, na nag-uugat ng pananaw tungkol sa pagiging "mabuting tao". Mula sa pagmamalasakit sa mga "hindi ibang tao" ay nakabubuo ng pamamaraan ang deboto upang makipag-ugnayan sa ibang aspekto ng kanyang kapaligiran at lipunan. Sa mga deboto ay nagdaragdag ng isang mahalagang dimensyon sa

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

paglalapat ng relihiyon sa pag-unawa ng pang-araw-araw na karanasan (Sapitula, 2003). Sa ganitong pananaw ay nananatiling kongkreto ang pagharap ng mga santero bilang deboto sa mga isyu patungkol sa kahirapan, kawalan ng katarungan, pagmamalasakit, at pagkilos para sa pagbabago gaya ng mga naging buhay ng mga banal na kanilang inaalagaan. Mahalaga ang puspusang pagsasanay sa mga gawain upang matamo ng isang Santero ang lubos na makadiyos na debosyon. Nasasangkot dito ang pagbabata ng pagsalansang at pag-uusig ng mga nakapaligid na matatandang santero,ang mahalaga ay debosyon na pangunahing layunin ng santero.. Ngunit may matatamong pakinabang at kaligayahan na tanging santero lang ang makakaintindi. Ang isa na konkuntentuhan sa kaniyang tungkulin sa buhay at patuloy na nagsasagawa ng makadiyos na debosyon nang may kasiyahan sa sarili. "Hawak nito ang pangako sa buhay ngayon," samakatuwid nga, espirituwal na kalusugan, kasiyahan, kaligayahan, at layunin sa buhay bilang santero.

Higit sa mga ito ang isang santero ay yumayakap sa pangunahing porma ng pagsamba ng simbahang katoliko, ang banal na misa. Bilang isang katoliko may paniniwala ang simbahan na sa misa ay buhay ang presensya ni Hesukrito at bilang tagapagbigay buhay sa mga larawan ng panginoon at mga banal, mahalagang ang isang santero ay nagsasabuhay ng katuruan ito bilang bahagi ng kanyang pagtugon sa kanyang pananampalataya. Sa lahat ng panahon, pinahahalagahan ng Simbahan ang Eukaristiya bilang pinagmumulan at tugatog ng buhay ng Simbahan. Walang tunay na buhay Kristiyano na hindi naka-ugnay at nakasandig sa Eukaristiya. Ang ang isang santero bilang isang buhay na Kristiyano ay dapat na niniwala sa hiwaga ng misa na napaparangalan at napapanariwa ng Banal na Eukaristiya (PCP II 523, Theologians 6). Itinuturo ng mga Ama ng Simbahan (Fathers of the Church) at ng mga dakilang teologo (theologians) na, "Hinuhubog ng Simbahan ang Eukaristia, kung paanong hinuhubog ng Eukaristia ang Simbahan." ("The Eucharist builds the Church and the Church makes the Eucharist", EE 26) Ibig sabihin, kung wala ang Banal na Misa ay mawawalan ng sigla at buhay ang Simbahan malinaw na mawawalan din ng saysay ang lahat ng mga tradisyon nito maging ang pangangalaga sa mga imahen. Upang magpatuloy ang pagdedebosyon sa mga banal ay kailangang maipagpatuloy din ang pagsasagawa ng banal na misa. Kailangang matutunan ito ng lahat ng Kristiyano, upang magkaroon nang mas malalim na kahulugan sa kanila ang pagdalo sa Banal na Misa higit sa lahat kung Araw ng Linggo at Pistang Pangilin, at pista ng mga banal.

## 4. SANTERO: SA NGALAN NG MGA DEBOTO

Malaki ang impluwensya ng Katolisismo sa gawi at ugali nating mga Pilipino. Maraming tahanan sa bansa ay kakikitaan ng mga impluwensya ito ng relihiyon, nariyan ang mga larawan at ang mga imaheng nakadisplay sa mga sala't altar. Isa sa mga nakagawian ng maraming deboto ay ang pagmamay-ari at pangangalaga ng mga inukit na larawan o imahe ng mga banal at santo kung kaya't tinatawag silang santero.

Ang salitang santero ay isang salitang Espanyol na ang kahulugan ay "tagapag-ukit ng santo." Sa libro ni Esperanza Gatbonto, ito ay tumutukoy sa sa mga taong may kasanayan sa paglilok ngunit hindi nagkaroon ng propesyonal na pag-aaral para rito. Pero sa paglipas ng panahon, ito ay inangkin na rin ng mga taong nangangalaga ng mga santo. Madalas na pinararangalan ng mga mananampalataya ang imahen na ito sa pamamagitan ng mga halik, insenso, at pagtitirik ng mga kandila. Ito rin ay kanilang binibihisan nilalagyan ng bulaklak, at inaayusan. Maaaring hatiin sa dalawang kategorya ang mga santero. Ang una ay ang rekamadero na tumutukoy sa mga santero na nagpundar ng mga imahen mula sa kanilang sariling kakayanan, o sila mismo ang may-ari ng mga inaalagaan nilang santo. Ang pangalawa ay ang mga camarero o tangapangalaga ng mga

snato na ipinamana ng kanilang pamilya o kamag-anak o kaya'y ipinaalaga ng simbahan.

Sa "Directory on Popular Piety and Liturgy" ng Congregation for the Divine Worship and the Discipline of the Sacraments na inilabas ng Vatican noong 2001, binibigyang-linaw nito na ang mga imahe ay hindi mga diyos o diyos diyosan. Inuulit ng simbahan sa dokumentong ito ang kanyang tagubilin sa mga deboto ukol sa pagpapapahalaga sa mga santo. Ayon dito, "The use of sacred images is of major importance in the whole area of popular piety, since culturally and artistically they assist the faithful in encountering the mysteries of Christian faith. Indeed, the veneration of sacred images belongs to the very nature of Catholic piety. Such is clear from its artistic patrimony, which can be seen in many churches and sanctuaries, and to which popular devotion has often contributred (no.18)".

Mula sa pagbasa sa mga kaugnay na dokumento sa pag-aaral, nakipanayam ang mga mananaliksik sa ilang piling santerong baklang Katoliko. Ang mga baklang ito'y kinikilala ang kanilang mga sarili bilang mga bakla. Sina Reggie at marvin ay kapwa may mga inaalagang santo ng higit sa lima. Ang mga ito rin ay kilala ng isa sa mga mananaliksik bilang mga debotong Katoliko at santero.

Kilalang mga santero ang magkaibigang Reggie at Marvin sa bayan ng Malabon. Kapwa sila suki ng mga gay beauty pageant noong kabataan nila at magpasahanggang ngayon ay nagbibihis at namumuhay na magagandang bakla. Ilan sa mga inaalagaang santo ni Regie ay ang Sto. Nino de Aranzazu, Sto. Nino Dormido, Santa Cruz, Birhen ng Santo Rosario, isang vintage na Nazareno, ilang malilit na Sro. Nino, at ang Birhen na maaaring palitan ng ulo ng Allegria, Dolorosa, at De las Flores. Samantala, ilan naman sa mga inaalagaang santo ni Marvin ang Ina ng Laging Saklolo, Impung Maria, Sacred Heart, tatlong Sto. Nino, San Cleofe, at isang Allegria.

Bata pa lamang si Reggie ay mahilig na siya sa santo. Isa sa mga hindi niya makakalimutan noong bata siya nang may ginawa siyang altar-altaran ng mga santo sa bubongan ng kanilang bahay. Ginawan niya ng altar ang mga larawan ng mga santo at lagi siya ritong pumapanhik para alayan ang mga ito ng kanyang mga pinitas na bulaklak. Noon pa man ay pangarap na niyang magkaroon ng kanyang sariling mga santo tulad ng mga Sto. Nino ng kanyang pamilya. Lagi lang siyang mag-isa at dinadasalan ang mga ito.

Laking simbahan naman si Marvin. Ang kanyang lola na nagpalaki sa kanya ay aktibong miyembro ng Catholic Women's League (CWL) na lagi siyang binibitbit sa simbahan. Bukod pa rito'y naging parang palaruan na rin niya ang kapilyang malapit sa kanilang tahanan kung saan kasama ng mga kalaro niya ay nag-aalay sila ng mga bulaklak. Gayundin, ang kanyang mga laruang tau-tauhan at robot ay kanyang ipinuprusisyon na parang mga santo.

Sa mga larong prusisyon din na ito na kanyang ginagaya kaya madalas na tuksuhin at tawaging bakla si Marvin ng mga kalaro noong siya ay maliit pa. Pero sa loob ng kanilang pamilya, ramdam ni Marvin ang pagtanggap ng kanyang mga magulang, lolo at lola. Noon pa man ay sinasabi na ng kanyang nanay na bakla siya pero hindi sa paraang pangungutya kundi nang may pagtanggap. Sinasabi pa umano ng kanyang tatay na baka siya pa umano ang magigay ng swerte sa kanilang pamilya. Ang kanyang lola naman, kapag nagsisimba sila sa Obando, binibilhan na siya nito ng mga claypot na lutu-lutuan na ibenebenta sa labas ng simbahan.

Samantala, hindi naman agad na natanggap ng mga magulang ni Reggie ang kanyang pagiging bakla. Kapag siya ay sumasali sa parada ng kanilang eskwelahan para sa United Nations, nanghihiram na siya ng gown sa kanyang mga tita at ninang at pumaparadang nakadamit pangbabae. Pero kapag lalabas na ng eskwelahan ang parada, hindi na siya sumasama rito sa takot na baka

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

makita siya ng kanyang mga magulang. Sa ngayon, hindi man nila direktang napag-uusapan ng kanilang pamilya ang tungkol sa kanyang kasarian, pakiramdam niya'y tanggap na rin naman siya ng kanyang pamilya.

Kapwa namuhay na mga bakla sina Marvin at Reggie. Sumasali na sa mga gay beauty pageants si Reggie noong nasa hayskul pa lang siya at nakapag-uuwi naman ng mga korona. Taon-taon din ay sumasama siya sa mga sagala ng mga bakla. "Isa sa mga pinakamsayang sagala ay sa Cavite. Doon ang mga sumasagalang bakla ay nirerespeto. May mga pakrus-krus pa pero walang mga titulo. Wala kang maririnig doon na 'Uy bakla, ang pangit!' kahit nga ang mga hindi kagandahang baklang kasama namin, hindi nilalait, may paghanga talaga ang pagtanggap nila sa amin," kwento ni Reggie.

Labingwalong taon siya nang unang magmahal si Reggie. Kinakantahan siya nito, tapos lagi niya rin itong pinupuntahan sa bahay nito. Pero nang minsang kausapin siya ng lola ng kanyang boyfriend na isang deboto ng El Shaddai, sinabihan siya nitong hindi pwede ang kanilang relasyon, na bakla siya, na ang kaluluwa niya ay sinusunog sa impyerno. Iyak ng iyak si Reggie at dahil dito nang mag-usap sila ng kanyang boyfriend ay nagdesisyon silang maghiwalay na lamang.

Nagtrabaho sa Japan si Reggie bilang mang-aawit at mananayaw. Pero bago siya lumipad ay nagpalagay na siya silicon sa pisngi at sa balakang para mas lalong gumanda bilang babae. Sa Japan, nagpapa-inject naman siya ng mga placenta at hormones para mawala ang mga bigote, kuminis ang balat, at magkaroon ng suso. Pakiramdam niya talaga ay mukha na rin siyang diyosa. Bagamat sandali lang ang kanyang kontrata sa Japan, nakapag-ipon din kahit papaano si Reggie dahil na rin sa kanyang pagsusumikap. Nag-aral siyang kumain at magbuga ng apoy at kumanta ng mga enca o lokal na kundiman ng mga hapon. Dahil dito, nabibigyan siya ng tip ng mga kustomer ng kanilang club. Pag-uwi sa Pilipinas, nagulat talaga ang kanyang mga kamag-anak at kaibigan sa laki ng kanyang pinagbago kaya't lalo siyang naimbitahan sa napakaraming sagala para sa mga bakla.

Pagkatapos naman ng hayskul ay tuluyan nang nagpahaba ng buhok at magdamit pambabae si Marvin. Hayskul din siya ng unang maranasan ang magkaroon ng karelasyon, bagamat hindi naman daw masasabing seryosong relasyon. Kasama niya sa cheering squad ang kanyang naging unang boyfriend. Lagi lang silang nag-uusap at sabay na kumakain, at kaunting harutan. Naging aktibo rin sa teatro si Marvin kung saan niya nakasama ang mga malalapit na kaibigang bakla.

Noong una ay sumasama lang silang magkaibigang bakla sa mga matatandang bakla na sumasali sa mga beauty pageant. Tumutulong sila sa paggawa ng mga gown ng mga kontesera, sila ang naglalagay ng mga bead, hanggang sa pinapatulong na rin sila sa pagmamake-up. Hanggang sa pagkagraduate niya ng hayskul, sumama na siya sa isang grupo ng mga baklang propesyunal na sumasali sa mga pageant. Tumutulong siya sa mga ito sa paghahanda at pag-aayos, at kapag nanalo ay nabibigyan ng porsyento sa premyo.

Hindi nagtagal ay naging mahusay na make-up artist si marvin na naging daan upang makapasok siya sa ABS-CBN bilang isa sa mga make-up artists nito. Sa loob ng tatlong taon ay kanyang pinagaganda ang mga artista nito at ng Star Studio at Star Cinema. Pero dahil sa lungkot at sa kanyang pagkakasakit, iniwan din ni Marvin ang trabahong ito. Nag-call center siya at pana-panahon ay rumaraket din bilang make-up artist.

Ang Sto. Nino Dormido ang unang santo ni Reggie. Ito ay isang Sto. Nino na nakahiga na nabili niya sa Paete nang minsang sumama siya para kunin si Senor Sinag, ang Nazareno ng kanilang parokya. Nakita niyta raw itong nakatambak sa isang pagawaan ng mga santo at talagang pinilit niya ang may-ari na ibenta ito sa kanya. Ang kanya namang Birhen na may tatlong ulo ay pinaalaga lang sa kaniya at nang makita nnang may-ari kung

paano niya ito alagaan, ay hindi na muling binawi pa. Ginagastusan niya ito, ang mga ulo kasi nitong Allegria, Dolorosa, at Flores de Mayo, kapag inilalagak sa simbahan o iprinuprusisyon ay iba't iba ang ayos at kasuotan.

Marami naman sa mga santo ni Marvin ay pamana o ibinigay ng kanyang kapamilya. Ang kanyang unang santo ay Ina ng Laging Saklolo. Bata pa lamang siya ay inaalagaan na ito ng kanyang pamilya. Deboto na ang kanyang lola at tatay nito dahil bata pa lamang ay maysakit na ang kanyang tatay at lagi nila itong dinadasalan. Ipinamana ito ng kanyang lola bago ito pumanaw. Gayundin, nagpamana rin ng ilang santo ang kanyang tatay bago ito pumanaw. Tatlo lamang sa walong santo ni Marvin ang kanyang binili. Ang una rito'y ang isang Mahalna Birhen na binili niya isa ring kaibigang santero. Pinagawan niya ito ng patungan at isinasama sa mga prusisyon.

Ang pinakamalaki rito ay ang Santa Cleofe na may taas na 5 feet. Pinagawa niya ito sa Bataan sa halagang Php40,000.00, samantalang nagkakahalaga naman ng dalawa hanggang tatlong libong piso ang bawat damit nito. Bago niya ito ipagawa at ilabas bilang Santa Cleofe, tinanong niya muna ang kanilang diocese kung kasama ba talaga sa prusisyon tuwing Mahal na Araw si Santa Cleofe at kung wala pa bang iprinuprusisyon na ganito sa kanilang parokya.

Ang huli sa kanyang mga binili ay ang Mahl na Birhen na gawa sa ivory na balak niyang gawing Penafrancia. Binili niya ito sa halagang 130 libong piso na hulugan ng dalawang bese. Kasama niya sa kanyang binili ay ang karosa nito na nagkakahalaga ng 25 libong piso, na kung susumahin, kasama ang pagpapalagay ng mga disenyo at ilaw ay umaabot ng halos 50 libong piso. Para sa kanya, kakaibang saya ang kanyang nararamdaman dahil sa kanyang mga alagang santo. "Mahirap i-explain, mahirap ipaliwanag ang saya. Karaniwan kapag nagsasanto ka, kapwa santero mo rin ang makakaunawa sa iyo. Para ka bang nakalutang sa alaapap," para kay Marvin.

## 5. MGA GAWAING PANGANGALAGA NG ISANG SANTERO

Bukod sa orihinal na pakahulugan sa salitang "santero" na naglililok ng mga imahen ng mga banal, ang pagiging isang tagapagmay-ari at tagapangalaga ng mga banal na imahen ay isang mabusising tungkulin. Ang pagiging tagapangalaga ay nahahti sa iba't ibang kategorya, una ang pagmamay-ari ito ay tumutukoy kung ang imahen ay ipinundar ng santero mula sa kanyang sariling kakayahan at salapi, sila ang mga tinatawag na rekamadero; pangalawa ay mga tagapangalaga mula sa pamana ng kamag-anak o pinalagaang imahen mula sa simbahan, sila ay tinatawag na "camarero". Ang tungkulin ng isang may-ari o "rekamadero" ay mas malawak dahil sa kanya ang nasabing imahen samantalang ang tagapangalaga o "camarero" ay may dapat na isaalang –alang na alituntunin o habilin. Ngunit pareho silang sumusunod sa mga polisiya na inilalabas ng simbahan. Mahigpit na tagubilin ng simabahan ang pananatili ng debosyon sa mga inukit na imahen na may malinaw na pag-kakaiba sa pagsamba sa Diyos. Isinasaad sa inilabas na "Directory on Popular Piety and Liturgy" ng Congregation for the Divine Worship and the Discipline of the Sacraments ng Vatikano noong 2001:

*"The use of sacred images is of major importance in the whole area of popular piety, since culturally and artistically they assist the faithful in encountering the mysteries of the Christian faith. Indeed, the veneration of sacred images belongs to the very nature of Catholic piety. Such is clear from its artistic patrimony, which can be seen in many churches and sanctuaries, and to which popular devotion has often contributed.*" ( DPPL, no.18, 2001)

Ang alituntuning ito ang pangunahing dapat sundin ng mga santero upang mapag-iba ang pananaw patungkol sa pagdedebosyon sa mga inukit na imahen at hindi pagsamba sa mga ito. Bahagi rin ng

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

tungkulin ng mga santero ang matiyak na tama ang mga nakikitang simbolo sa kanilang mga inukit na imahen. Katulad nito ang nakikitang manok, susi o tabak kay San Pedro Apostol, ang susi at pitsel kay Santa Martha, ang angkla at palaso para kay Santa Filomena at iba pang mga banal. Mahalaga ito bilang bahagi ng katesismo sa lahat ng mga mananamplatayang katoliko na makita ang kanilang bahagi sa pagpapalaganap ng pananampalataya at pakikiisa kay Kristo bilang mga martir. Palagi ding gugunitain ng isang santero ang kapistahan ng kanyang alagang imahen. Ito ay ipagdiriwang sa pamamagitan ng pagdarasal ng nobena, pananalangin sa pamamagitan ng banal, pangungumpisal, pagdalo ng Santa Misa, at pangungumunyon. Sabi pa rin sa "Directory on Popular Piety and Liturgy":

*"So as to ensure that the iconography used in sacred places is not left to private initiatives, those with responsibility for churches and oratories should safeguard the dignity, beauty and quality of those sacred images exposed for public veneration. Likewise, they should avoid the de facto imposition on the community of pictures or statues inspired by the private devotion of individuals"* ( DPPL, no.22, 2001)

Tinitiyak din ng santero ang mga akmang kasuotan ng mga banal. Malaking kasalanan para sa isang santero na lumabis sa pagdadamit sa kanyang alagang imahen. Iba ang pamantayan ng kasuotan para sa imahen ng Panginoon, Mahal na Birhen at mga banal. May mga kulay din ang mga imahen para sa kanilang kasuotan gayan ng bughaw at puti para sa imahen ng Birheng Maria;dilaw at berde para kay san Jose; berde at pula kay apostol San Juan. Ito ay bahagi pa rin ng mga katuruan ng simbahan na dapat isaalang-alang ng mga santero.

Isa sa malaking pinaghahandaan ng karamihan ng mga santero ay ang pagsapit ng paggunita ng Semana Santa at iba pang kapistahan gaya ng Santo Nino tuwing Enero at Pista ng Birheng Maria tueing Mayo, setyembre at Disyembre bawat taon. Sa pagkakataon ito ang bawat santero ay naghahanda ng mga kagamitan gaya ng karosa, mga bulaklak, pambanda, kasuotan at mga piging. Napakalaking tungkulin sa mga santero ang mga tradisyon na ito na ginugugulan ng malaking salapi upang matagunan lamang ito, sapagkat sa pagkakataong ito ay malalantad ang imahen sa mas maraming mananampalataya. Marapat lamang na kasabay ng paglalantad na ito ang maging mayos at tama ang lahat ng makikita sa imahen, mula sa gayak, kasuotan at mga simbolo nito.

## 6. IMPLUWENSIYA NG PAGIGING SANTERO

May iba't ibang impluwensiya ang nakakaapekto sa isang santero upang maging ganap na tagapangalaga ng mga imahen. Isa rito ang impluwensiya ng pamilya. Ang pamilya bilang unang pamayanan ng isang tao ay masasabing may malaking impluwensiya sa pagkakahubog ng isang tao. Ang isang tao na lumaki sa pamilya ng mga doctor ay maaaring magkaroon din ng interest sa pagduduktor na katulad din sa ibang propesyon. Sa isang pamilya na may malakas na pananamplataya sa katolisismo at malapit sa simbahan ay nagkakaroon ng impluwensiya sa pagkakabuo ng mga susunod na santero ng henerasyon.

Karamihan sa mga santero ay nagkakroon ng interes sa pagsasanto dahil may isa sa kanilang pamilya na nag-aalaga ng imahen. Lumaki sila na katabi habang binibihisan ang imahen, ginagayakan ang karosa nito, at nililibot ang imahen sa kanilang pamayanan. Sa ganito karanasan ang isang santero ay nagkakaroon ng ideya sa tamang pangangalaga sa mga imahen. Hanggang sa kanilang paglaki sila ay namulat sa taung taong paglabas ng mga imahern na kadalasay ipinuprusisyon tuwing mahal na araw at pistang bayan. May mga pagkakataon ang mga batang ito na lumaki sa pamilyang nag-aalaga ng imahen ay ang magiging tagapangalaga na rin naman ng imahen ng kanilang pamilya bilang tagapagmana.

May ilan naman na nagkaroon ng impluwensiya dahil sila ay laki sila sa mga gawain ng parokya. Maari sila ay sacristan, o miyembro ng Legion of Mary, o koro ng mga kabataan. Dahil sila ay nakalantad sa ibat-ibang gawaing pansimbahan ay lumalago ang kanilang interes sa pangangalaga ng mga inukit na larawan. Para sa mga ilan naman ay nakuha nila ang impluwensiya mismo sa debosyon sa imahen. Marahil ito ay bunga nga pamamagitan ng santo sa pagpapagaling ng isang mahal sa buhay na nagbubunsod para sa isang tao na magpagawa ng imahen ng banal na naging susi sa kagalingan ng kanyang mahal sa buhay.

Isang palantadaan sa karamihan ng mga Santero ang maagang paglalaro ng mga imahen. Ito ay kanilang tinatawag bilang prusisyon-prusisyunan kung saan sila ay gumagamit ng ilang mga maliit na imahen na tila iprupruisyon nila at igagawa ng altar. Ito ang naging kanilang bahay-bahayan ang paglilibang gamit ang mga maliit na imahen ng mga santo. Hanggang sa kanilang paglaki ay dala nila ang interes ditto na nagbigay sa kanilang ng impluwensiya upang sa takdang panahon ay magkaroon ng aalagaang imahen.

Ang pangangilangan din ng isa ng parokya o simbahan ang nagtutulak sa ibang mga sabtero upang magsimulang mag-alaga ng mga imahen. Ang kakulangan sa mga imahen bilang pantulong sa katesismo ang naguudyok sa mga miyembre ng isang parokya upang magpagawa ng bagong imahen na gagamitin sa kanilang parokya. Matibay na halimbawa nito ang pagkukumpleto ng mga karakter na kalahok sa prusisyon ng paglilibing tuwing Biyernes Santo. Mula kay imahen ni San Pedro hanggang sa magkakapatid ng Betanya na si San Lazaro, Santa Marta at santa Maria, hanggang sa mga poipular na karakter sa ating tradisyon bilang Pilipino na sina Santa Veronica at Santa Magdalena, na sa ngayon ay nadaragdagan pa ng mga bagong karakter gaya nina Santa Juan de Cuza at Santa Maria Ina ni Marcos. Dagdagan mo pa ng kabi-kabilang Grand Marian Procession sa ibat-ibang lugar at mga parokya. Ang gawaing ito ng engrandeng pagpruprusisyon ng ibat ibang imahe ni Maria ay naging tanyag sa taunang Intramuros Grand Marian Procession tuwing Disyembre bilang pagpaparangal sa kapistahan ng Malinis na Pagkakalihi kay Maria. Ang panrelihiyosong gawaing ito ay tinularan sa ibat ibang lugar na naglalabas ng humigit kumulang 50 mga imahen ng Mahal na Birhen Maria.

Ang mga ganitong gawain ng simbahan ang patuloy na naghihikayat sa mga miyembro nito upang magpagawa ng mga inukit na imahen ng mga banal. Sa patuloy na pagdami ng mga gawain pangrelihiyoso ng simbahan ay ang pagdami din ng mga inaalagang imahen na nagbubunsod din sa pagdami ng mga santero.

## 7. ANG INDUSTRIYA NG PAGSASANTO

Sa pagdami ng mga Santero na nagnanais magkaroon ng ibat-ibang mga imahen ng mga banal ay lumalago rin ang industriya ng pagsasanto. Sa Tayuman, Maynila ang sentro ng kalakal pagdating sa mga inukit na imahen, kitang kita pa rin ang paglago ng industriya nito. Sa ngayon ay naragdagan ang bagong istilo ang mga ibinebentang imahen ditto na hindi na lamang gawa sa kahoy bagkus ay meron na ring mga gawa sa fiber glass na di hamak na mura kaysa sa kahoy. Ito ang isa rin sa nagiging dahilan kung bakit kahit ang isang tao na nagnanais magkaron ng imahen ay kayang magkaroon nito sa murang halaga lamang. Kung dati ay Paete lamang ang lugar na nababanggit pagdating sa mahusay na pagkaka-ukit ng mga imahen may isang lugar ngayon kung saan unti-unting umuusbong ang kalakalan sa mga inukit na imahen at mga katulad na industriya gaya ng karosa at mga gamit pansimbahan. Ang Pampanga ay kilala na rin sa industriya ng Paguukit ng imahen, ito ang lalawigan ng mga tanyag na iskultor na sina Willie Layug na tinampok ang buhay sa docu-film na Dukit, sina Nick Lugue, Jospeh Magcalas, Albert Foronda at iba pa. Unti-unti na rin ang pagdami ng supplier ng ibat ibang mga pangangailangn sa Santo gaya ng mata, buhok ang

mga detalyeng gold threads. Marami na din ang nagiging estilo ng pagdadamit sa santo, sumisikat ang istilong Plumaria o machine embroidery, gayundin ang istilong pinta sa mga damit ng santo at ang tradisyunal na burdang inuod.

Dumarami na rin ang mga FB Santo Related Account gaya ng Santo Enthusiast, Esculturas Religiosas en Las Islas Filipinas, Inukit, Anyare at iba pa. Sa mga account na ito sila nagkakaroon ng pagkakataon upang magkaroon ng diskusiyon at palitan ng mga suhestiyon kung papaano mapapaayos ang inaalagaang imahen. Dito rin sila maaring magbenta at bumili ng santo at mga gamit nito.

Patuloy pa ring napapalakas ng industriya ng pagsasanto ang kalakalan ng bulaklak sa Dangwa, Maynila. Sa dami ng ibat-ibang pista at magkakabilang prusisyon ay napapalakals nito ang industriya ng pagbubulaklak na ginagamit bilang istilo ng pagdedekorasyon.

## 8. KONGKLUSYON

Sa papel na ito makikita ang mga mahahalagang dapat bigyang pansin ganyan ng mga sumusunod:

- May maliking ambag ang pagsasanto na nakakatulong sa pagpapalago ng pnanampalataya. Ang pag-aalaga ng imahen sa kabila ng pagkakakubli nito ay may bahagi sa mga gawain at pagsamba ng bawat mananampalataya bilang katoliko.

- Malaking pantulong ang mga imahen upang lalong makilala ang ibat-ibang mga banal na nag-ambag ng kanilang misyon para sa simbahan. Ang mga imaheng ito ay mabisang gamit upang lalong maunawaan ng mga katoliko lalo na ang mga bata, bilang bahagi ng katesismo sa kanila.

- Ang mga obligasyong kaakibat ng mga pagsasanto ay itinuturing ng ilang santero bilang "debosyon". Kalakip ng debosyong ito ang pangako ng regular na pagsisimba o pagdarasal, pangungumonyon bilang pangunahin tungkulin ng isang santero.

- Ang responsibilidad ng isang santero sa knayang imahen ay responsibilidad niya rin sa bawat mananamplatayang makakita sa kanyang inaalagaang imahen.

- Hindi biro ang pag-aalaga ng mga imahen sapagkat ang debosyong ito ay gumugugol ng salapi, kakayahan at oras ng mga santero.

- Pinapalalim din nag pagsasanto ang pananampalataya ng isang santero dahil na rin ito sa isasagawang pag-aaral sa buhay ng napiling imahen upang alagaan.

- Lumalabas ang pagkamalikhain ng mga Pilipino sa pagkakaraon ng mga bagong istilo sa pagsasanto ng hindi nakakaligtaan ang kabanalan ng mga ito.

- Nakakapagbigay din ng malaking bahagi ang pagsasanto sa industriya, gaya ng paglililok sa mga imahen, pagpapanatali sa tradisyon ng pagbuburda, industriya ng pagbubulaklak at iba pa.

## 9. MGA SANGGUNIAN

Barcelona, Mary Ann at Consulelo B. Estepa. *Ynang Maria: A Celebration of the Blessed*

Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

*Virgin Mary in the Philippines.* Maynila: Anvil, 2004.

Bautista, Julius. "The Rebellion and the Icon: Holy Revolutions in the Philippines." *Asian Journal of Social Science* 34.2 (2006): 291-310.

*"Directory on Popular Piety and Liturgy"* Congregation for the Divine Worship and the Discipline of the Sacraments. Vatican City.2001.

Ferrero, Fabriciano. *The Story of an Icon: The Full History, Tradition and Spirituality of the Popular Icon of Our Mother of Perpetual Help.* Hampshire, UK: Redemptorist Publications, 2001.

Gatbonton, Ezperanza Bunag. *"The Exuberant Art of Saintmaker".* 1970.

*Magandang Balita Biblia.* Philippine Bible Society.1973.

Sapitula, Manuel Victor J. *Ang Pagiging Deboto Bilang Pakikipagkapwa: Isang Panimulang Pagsusuri sa mga Liham Pasasalamat ng mga Deboto ng Ina ng Laging Saklolo sa Baclaran.* 2004